

LAKBAY KABABAIHAN PARA MAGKA-BOSES AT MAPAKINGGAN
Kasaysayan ng Kababaihang Samareño at Ayta Abellen



Matapos ratipikahin ng gobyernong Pilipinas ang CEDAW¹, maraming mga batas para sa karapatan ng kababaihan ang ipinasa sa Kongreso. Sa kabila nito, ang diskriminasyon, pagsasamantala, at karahasan laban sa kababaihan ay nagpapatuloy sa iba’t ibang larangan at espasyong kanilang ginagalawan. *“Ang unang nawawala sa babae ay boses. Nawawala ang kapangyarihan ng salita. Kapag hinayaan ito, hindi lamang ito ang mawawala sa [babae].”*²

Kaya naman para makamit ng kababaihan ang pangako ng mga batas na pantay na karapatan at ligtas na espasyo sa lipunan, ang unang-una nilang dapat maangkin ay BOSES – boses para maisiwalat nila ang araw-araw nilang karanasan ng diskriminasyon; boses para magkaroon sila ng espasyo sa mga programa, proyekto at mga usaping komunidad na apektado sila; boses para makasama sila sa pagpapasya sa mga usapin sa loob at labas ng kanilang mga tahanan; boses para kilalanin sila bilang produktibong bahagi ng komunidad at ng buong lipunan.

B

Para maisiwalat nila ang araw-araw nilang karanasan ng diskriminasyon;

O

Para magkaroon sila ng espasyo sa mga programa, proyekto at mga usaping komunidad na apektado sila;

S

Para makasama sila sa pagpapasya sa mga usapin sa loob at labas ng kanilang mga tahanan;

E

Para kilalanin sila bilang produktibong bahagi ng komunidad at ng buong lipunan.


S

¹ Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women

² Pagaduan, Maureen. (2018, September 07). Pagsasanay ng mga Lider-Kababaihan sa Samar. Ginanap sa Behotel, Tacloban City. Unpublished. [Paningit na salita ay mula sa nagsulat].


Ang pagkakaroon ng kababaihan ng BOSES ang pinakaubod ng proyektong ipinatupad ng WLB kasama ang VOICE sa mga piling komunidad ng Samar at Zambales. Isinakatuparan ito sa pamamagitan ng 3 estratehiya: pagpapalakas sa kapasidad ng kababaihan (*capacity building*), pagdodokumento ng mga isyu at problemang kinakaharap ng mga kababaihan sa pamamagitan ng paggawa ng mga materyales na pang-adbokasiya (*IEC*), at kritikal na pakikipag-ugnayan nila sa mga ahensya ng gobyerno (*Lobbying and critical engagement with government*).

Matapos ang dalawang taong proyekto, maraming ganansya ang nakamit ng kababaihan ayun sa kanilang sariling paglalahad. Ipinakita nang matagumpay na paglalakbay ng mga kababaihan sa Samar at Zambales kung paanong ang pagkakaroon nila ng BOSES ay nagdulot ng malaking pagbabago sa kanila bilang indibidwal at bilang samahan sa usapin ng pag-alam at pag-unawa sa mga karapatan ng kababaihan bilang karapatang pantao, sa pagwawasto ng mga maling pananaw laban sa kababaihan, sa paglaban sa nararanasan nilang diskriminasyon sa araw-araw, at sa pag-unawa sa kahalagahan ng pagkakaroon ng isang matatag na samahang kababaihan upang magkaroon sila ng malakas na BOSES sa tahanan at komunidad. Narito ang magkaiba ngunit magkatugon na paglalakbay ng mga kababaihan sa Samar at Zambales para sa paggigiit nilang magkaroon ng boses, pantay na karapatan at pagkilala sa tahanan, komunidad, at lipunan.



Ganito kami noon... Eto kami ngayon...

**Marabut, Samar:
Organisadong Pagharap sa mga Kaso ng Karahasan Laban sa Kababaihan**



Nagsimula ang mga samahan ng kababaihan sa Marabut, Samar, gaya ng UKTO³ (Tinabanan), LWO⁴ (Legaspi), OWSA,⁵ BOSWA,⁶ at PAWA⁷ (Metro Osmeña) na walang kamalayan sa usapin ng kababaihan at prinsipyo nito. Mas nakatuon sila sa usaping pangkabuhayan bilang panuhay sa pangaraw-araw na pangangailangan ng kanilang mga pamilya. Kabilang sa kanilang mga ginagawa ay ang pagbubuo ng mga ‘*savings group*’, pangangalap ng mga datus, papaparehistro sa DOLE, at pag-oorganisa ng kababaihan sa kani-kanilang barangay tungo sa pagsisikap nilang magkaroon ng proyektong pangkabuhayan (*livelihood*). Hindi bahagi ng agenda ng mga samahan ang mga usaping pangkababaihan lalo na kaugnay ng diskriminasyon, partikular ang usapin ng VAW.

Sa mga unang aktibidad ng WLB sa mga lider-kababaihan ng Marabut, Samar, litaw ang pagiging kimi ng karamihan, nakadagdag pa na ang karamihan sa kanila ay di komportableng magsalita sa Tagalog, at mas sa salitang Waray sila sanay. Mangilan-ngilan lamang ang nagsasalita. Mapapansin din ang kanilang pagsandig sa iisang lider. Mas kapansin-pansin din na walang may lakas ng loob magbahagi ng kanyang karanasan ng karahasan sa loob at labas ng tahanan (VAW). Silang lahat animo ay hindi nakaranas o nakakaranas ng karahasan.

Upang mabasag ang ganitong balakid, tiniyak ng WLB na sa lahat ng aktibidad sa mga komunidad ay bibigyan ang kababaihan ng ligtas na espasyo kung saan malaya nilang maisisiwalat ang kanilang mga karanasan, karaingan, at mga pagtingin. Bawat isa ay binibigyan ng pagkakataong makapagsalita at makapagbahagi ng kaniyang kasaysayan sa kani-kaniyang sariling paraan at lenggwahe ng walang paghuhusga. Nakikinig. Nagbabahagi. Nakikilahok. Nakikipagpalagayang-loob. Nag-gagulangan. Ito ang mga pangkalahatang prinsipyong gabay ng WLB sa kanyang pakikipag-ugnayan sa mga kababaihan sa komunidad.

“Sa WLB kasi, pwede kaming magshare ng kahit ano. Komportable ikwento kung ano ang gusto naming matutunan. Hindi na kami nahihiya.”

(Liza)

“Sa bawat meeting namin kailangan bawat isa ay magsasalita. Pakinggan ang bawat isa para makuha ang ideya ng lahat.”

(Marlyn)

Masasabing, hindi naging madali at hindi naging mabilis. Subalit hindi naglaon, nabuo ang tiwala ng kababaihan sa WLB. Sabi nga ni Liza, *“Sa WLB kasi, pwede kaming magshare ng kahit ano. Komportable ikwento kung ano ang gusto naming matutunan. Hindi na kami nahihiya. Dati, iba ang tingin ko sa sarili ko at sa NGO na kaugnayan namin. Siguro dahil na rin sa hindi ako gaanong komportable sa kanila. Pero sa WLB, isang*

³ Unhan Kababayan-an Tinabanan Organization

⁴ Legaspi Women’s Organization


⁵ Osmeña Women Sewers Association

⁶ Barangay Osmeña Women’s Association

⁷ Panan-awan Women’s Association

pamilya ang turing at may tiwala sa isa't isa.” Gayundin, nabuo ang tiwala sa kanilang mga sarili at sa isa't isa. Sabi nga ni Marlyn: “Noon nagkakahiyaan pa pero noong tumagal na ang samahan, naging open na kami sa isa't isa. Sa bawat meeting namin kailangan bawat isa ay magsasalita. Pakinggan ang bawat isa para makuha ang ideya ng lahat.”

Ang Matagumpay na Pagbabago sa mga Kababaihan at Samahan Matapos ang Proyekto



1. Mas napaunlad ang tiwala sa sarili (self-confidence) at sa samahan.

Nagmula ito sa pag-alam sa mga batas at mga karapatan ng kababaihan at sa mga kasanayang natutunan mula sa mga pagsasanay na inilunsad, partikular na kung paano ang epektibo at kritikal na pakikipag-ugnayan sa gobyerno. Sabi nga ni Suzette, “Nagkaroon ng self-confidence, na siyang naging armas para makiharap sa mga

kinatawan ng gobyerno.” Higit sa lahat ang samahan kahit na magkakalayo o magkakaiba ng barangay na kinabibilangan ay nagtutulungan sa pagresponde ng mga kaso ng karahasan laban sa kababaihan gayundin sa pagtugon sa mga indibidwal na usapin at suliranin ng mga kasapi ng samahan o core group. Ang grupo ay nagkakaisa, walang iniwan sa laylayan. Kung down ang isa, pinopukusan. Palaging inaaya na sumama sa mga training. Ang WLB ang naging araw na nagbigay liwanag kung ano ba talaga ang layunin ng samahan ng mga kababaihan.



Ang grupo ay nagkakaisa.
Walang iniwan sa laylayan.
Kung down ang isa,
pinopokosan – laging inaaya
na sumama sa training. Ang
WLB ang naging araw na
nagbigay liwanag kung ano
ba talaga ang layunin ng
samahan ng mga
kababaihan.

2. Nabuo ang **maunlad na ugnayan ang samahan sa lokal na pamahalaan.**

Ngayon kayang-kaya na ng mga kababaihan ang makipagdayalogo sa iba’t ibang ahensya ng lokal na pamahalaan (LGU). Sa paliwanag ni Lorna, mas nauna silang nagkaroon ng maayos na ugnayan sa munisipyo kesa sa barangay. Nagsimula ang pakikipag-ugnayan nila sa munisipyo noong manawagan ang Sangguniang Bayan (SB) na magparehistro ang lahat ng organisasyon. Alinsunod dito, nagparehistro ang kani-kanilang samahan. Pagkatapos noong matuto sila sa mga batas, nagkaroon na sila ng lakas ng loob na sumama sa mga pagpupulong ng SB. At sa tuwing nakikipagdayalogo sila sa LGU, iniimbitahan nila ang Municipal Local Government Operations Officer (MLGOO) at sa kanya nila sinasabi ang mga problema nila sa komunidad. Mula sa MLGOO, nalaman nila na karapatan nilang

humingi ng aksyon mula sa barangay. Taglay ang ganitong kaalaman, nagkalakas-loob silang sumama sa mga sesyon ng ABC⁸.

Ilan sa mga konkretong resulta ng pakikipag-ugnayan nila sa lokal na pamahalaan ay ang mga sumusunod: pagtulong sa mga Mamanwa (katutubong naninirahan sa Marabut) sa pamamagitan ng paglapit sa opisina ng mayor; pagsumbong sa isang pulis na hindi dumalo noong inimbitahan sa dayalogo na ipinatawag din kaagad ng mayor; nakuha ang commitment sa pagpapatayo ng temporary shelter at pagsasanay sa mga VAW officers, bagama't kulang sa pondo pero ginagawan pa din nila ng paraan na maaksyunan ang gawain na ito. Dahil sa mga ito, kapag nakikita sila ng mga pulis at iba pang opisyal, mas nakikilala na sila at ang kanilang samahan.

Ayun naman kay Liza, bagaman ngayon nakakalapit na sila sa lokal na gobyerno, hindi ito naging madali sa para sa kanila – lalo na sa antas ng barangay. Anya, *“Mahirap at masakit kung palaging nire-reject lalo na kung klaro naman na ang pinaglalaman lang ng samahan ay kung ano ang nakakabuti sa nakararami.”* Dahil na rin sa pagkakaroon ng lakas ng loob na ipaglaban ang nararapat – na napaunlad nila sa kanilang mga sarili at sa samahan mula sa pakikilahok sa iba't ibang mga *pagsasanay* – nagagawa na nilang lumapit sa MLGOO kung hindi napapakinggan ng barangay ang kanilang mga isyu. Sa MLGOO nila sinasabi ang mga usaping pangkababaihan na madalas ay naisasantabi, kasama nito ang nais nila na makilala bilang isang samahan ng kababaihan na nagsusulong at nakikipaglaban para sa karapatan nito.




Unang dayalogo kasama ang piling mga opisyal mula sa LGU ng Marabut, Samar (12 Pebrero 2019, Esmeralda Beach Resort, Bgy. Tinabanan, Marabut, Samar)

⁸ Association of Barangay Captains

3. Nakilala ang samahan bilang **samahan ng kababaihan na nagsusulong na matigil ang karahasan laban sa kababaihan (Violence against Women o VAW).**

Mula sa dating hindi nakikialam sa usaping VAW, ngayon ang kanilang mga organisasyon ay nilalapitan na ng mga kababaihan sa komunidad upang hingan ng opinyon ukol sa VAW dahil malawak na ang kanilang kaalaman sa VAW at kaya na din nila magbigay ng payo o bigyan ito ng opsyong legal, at kung kinakailangan ay mai-endorso siya sa mga tamanag ahensiya ng gobyerno na maaaring takbuhan ng biktima para kamtin ang hustisya.

Gayundin, sinisiguro ng Samahan na maipaliwanag sa mga tumutulong sa biktima o nagreresponde sa kaso nito na maihiwalay ang biktima sa akusado para mapigilan ang posibleng pananakit o pang-aabuso pa nito. Sinasamahan ng mga kababaihan ang biktima na madala sa pulis, tapos sa Municipality Social Welfare and Development Office (MSWDO), at gayundin sa ospital o Rural Health Unit (RHU). Dagdag dito, nakakapagbigay na rin ngayon ang Samahan ng suporta sa barangay sa pamamagitan ng pagdokumento ng mga kaso ng karahasan. Kaya naman ngayon, kapag may nangyayaring kaso ng karahasan laban sa mga kababaihan sa barangay, mga opisyal na mismo ang nagsasabi na lapitan ang kanilang samahan dahil nga mas may alam sila sa proseso.



Boses ng Kababaihan: Paglaya sa Karahasan

Noong una, lalo na noong hindi pa ako kasama ng samahan, nasa bahay lang ako palagi, nag-aalaga ng pamilya at gumagawa ng mga gawaing bahay. [Sinasabihan] na hindi pwede yan, hindi ako pwedeng sumama doon. [Noon] okay lang din sa akin na insultuhin at pagsalitaan ng masasakit na mga salita. Sa komunidad naman, [tanggap ko] na ang mga pangbabaeng gawain lang ang dapat kong gawin o trabahuin. Okay lang din na makaranas ng diskriminasyon sa ibang tao.

[Pero nang makasama ako sa LWO at makadalo sa mga trainings na ito ng WLB], naging masiyahin na ako kasi nagagawa ko nang makihalubilo, makipag-uap. Malaya na akong sumama, makilahok sa iba't ibang mga gawain ng mga kababaihan. Hindi ko na nararanasan [ang mga diskriminasyon at pagpigil sa akin] dahil alam ko na ang mga karapatan ko at kaya ko na itong ipaglaban. Nirerespeto na rin ako ng aking asawa; ginagalang, at minamahal. Hindi ko na rin hinahayaan na mangyari ito ulit sa akin, sa aking pamilya, o sa aking mga kaibigan. Dahil na rin sa mga trainings na napuntahan, kahit papaano ay nakakatulong na rin ako [at ang samahan] na matigil ang pang-aabuso sa mga kababaihan.

Nash Tiozon, 28 taong gulang

Miyembro ng Legaspi Women's Association (LWO)

Boses ng Kababaihan (BOKA): Paglalahad ng Planong Pangkababaihan
21-25 Oktubre 2019

Noon, ang buhay ko bilang isang ina, asawa, at barangay employee ay sadyang pangakarinawan lang. Akala ko ang pang-aabuso ng aking asawa ay natural lang, at isang parte ng buhay mag-asawa na dapat lang tiisin at akuing mag-isa. Hindi pala.

Ang unang pagsasanay na nadaluhan ko ay sa BE Hotel. Dito ko lubos na nalaman na ang pang-aabusong naranasan ko sa aking asawa ay sadyang may kaakibat na batas at hindi pwedeng ipagwalang bahala. [Nakakapagbigay na ako ng payo] sa iba dahil ayoko silang magaya sa aking naranasan. Tinuturuan ko sila ng tamang proseso. Nagkalakas loob na rin ako na magsalita tungkol sa RA No. 9262 (Anti-VAWC Act) sa harap ng ibang tao tulad ng barangay assembly."

Angeles Cinco, 44 taong gulang


Core Committee member

Barangay Osmeña Women's Association (BOSWA)

Boses ng Kababaihan (BOKA): Paglalahad ng Planong Pangkababaihan
21-25 Oktubre 2019

4. **Napalawak pa ang pag-oorganisa sa mga kababaihan.** Nagsimula ang pag-oorganisa ng kababaihan sa ilang barangay lamang ng Marabut. Ngayon, sinsaklaw na ng pag-oorganisa ng kababaihan ang 24 na barangay ng Marabut. Layunin ng kababaihan na maipaalam sa mas marami pang kababaihan ang kanilang mga karapatan bilang babae at bilang tao, upang nang sa gayon ay magkaroon din sila ng boses at lalo pang lumakas ang boses ng Samahan.

Masarap pakinggan ang paglalahad ng mga kababaihan sa mga nakamit nilang tagumpay ng kababaihan. Ngunit gaya ng iba pang tagumpay, may kaakibat itong mga sakripisyo gaya ng mga sumusunod: kahirapan sa pinansya (*financial difficulty*), kahirapan sa pagtatakda ng magkakaparehong libreng oras para sa mga pagpupulong at pag-iikot (*conflict of schedule*), ibang paniniwala ng ibang mga kababaihan (i.e. gusto nila makakita muna ng pruwera bago maniwala), isyu din sa pamilya (e.g. minsan hindi makakapunta sa gawain ng samahan dahil may problema sa pamilya at ito muna ang uunahin), oras ng mga kababaihan dahil ang iba sa kanila ay may mga gawain at responsibilidad ding kailangang gampanan sa barangay (ang iba kasi ay nagtrabaho sa barangay).



Boses ng Kababaihan: Pagsama sa Samahan ng Kababaihan

Nang maging miyembro ako ng samahan ng mga kababaihan ay marami akong natutunan na [naging daan] para sa pagbabago sa sarili. Noon kasi nasa bahay lang ako at hindi nakikipag-usap sa ibang tao, lalo na ang mga may mayaas na katungkulan. Wala akong kakayahan na makaharap sa kanila dahil pakiramdam ko wala akong kwentang tao sa komunidad.

Pero nagbago ang pananaw kong ito sa tulong na rin ng samahan. Dahil sa pagsama ko sa LWO, nakadalo ako ng mga pagsasanay na nakapagpalawak ng aking pag-intindi at kaalaman. Malaki ang pagbabago nito sa aking sarili. Naging mas matatag ako at nagkaroon ng kumpiyansa at respeto sa sarili. Pati na rin ang komunidad ay nagkaroon ng respeto sa akin. Naging confident na akong makipag-usap sa iba at tumulong. Kaya ko na ring ipagtanggol at ipaglaban ang aking sarili bilang babae, pati na rin ang aming komunidad.”

**Merlita Malaza, 38 taong gulang,
Miyembro ng Legaspi Women’s Association (LWO)**
Boses ng Kababaihan (BOKA): Paglalahad ng Planong Pangkababaihan
21-25 Oktubre 2019

Kababaihan ng Marabut, Samar: Sa hirap at saya, sama-sama



Kababaihang Samareño: Kampion ng Kababaihan Laban sa Karahasan




Boses ng Kababaihan: Karanasan sa Pagharap sa Kaso ng VAW

“Tinulungan ng samahan ang isang miyembro na gustong magkaso laban sa kanyang sariling kapatid na nagtangkang gahasain ang kanyang anak. Nang una kaming lumapit sa pulis, pinagpasa-pasahan muna kami. Mas gusto nilang asikasuhin muna ang isang illegal logging case dahil daw baka makatakas ang akusado na mukhang bigating personalidad. Kaya sinabihan ko sila na ‘kung hindi [niyo puntahan ang biktima dito], maghahanap ako ng ibang pwedeng makatulong.’ Kaya pumunta ako kay Mayor para magpatulong – at doon na nagkumahog silang magresponde sa amin. Ngayon ay nakakulong na ang akusado habang naghihintay na mapatawan ng angkop na parusa. Sabi ng nanay ng biktima, kahit papaano ay may hustisya siyang naramdaman dahil nakakulong na ngayon ang akusado.”

Elizabeth Cabrera, 45 taong gulang, Core Committee Member ng Legaspi Women's Association

Monitoring at Evaluation: Pangungumusta sa Komunidad
Agosto 31-Setyembre 2, 2019

Ang Samahan noon... ang Samahan ngayon: Hakbang sa Tagumpay ng Kababaihang Samareño



Pagpapahusay ng Kababaihan	Pagpapahusay ng Serbisyo sa Kababaihan	Pag-alam ng Serbisyong Pangkababaihan	Pag-oorganisa sa Kababaihan
Legaspi Nagmemeeeting kahit hindi scheduled – nagkokomentuhan, nagkukwentuhan, nagbibigay ng suhestiyon sa personalidad ng bawat isa. Kung maganda ang personalidad ng isang miyembro, mabubuild ang grupo na maganda at matibay. Minean magkukwentuhan kami tapos biglang maggugupit ng buhok. Maganda sa pisikal. Kaya malilit pa lang noong una ang ilog dahil nakasentro lang sa indibidwal. Pero lumaki na siya ngayon.	Nagpakilala kami bilang samahan na nakapagtraining, alam ang GAD Plan, nakipagdayalogo sa tulong ng WLB. Regular na pumupunta ang core sa munisipyo para makita kung anu-ano pang mga serbisyong pwedeng maakee. Gawain ng samahan ang pagmomonitor sa commitment.	Si Ma'am Ruth – para sa GAD Code. Ma'am Tere – sa MSWD. Ma'am Malou, Ma'am Stony, Ma'am Danvie – mga naging MLGOO na sumuporta sa amin. WLB – nagpalawak ng gawain at kaalaman	Saklaw noong una ay ang samahan lang. Hindi nakikilalam sa ibang samahan, sa ibang barangay. Pero noong nageimula na ang gawain, pinasok na ang buong barangay. Nakikilalam, nagbibigay ng rekomendasyon. Malaki ang impact ng grupo sa barangay – hindi lahat ng barangay oplayal gusto kami pakingsan, pero pinupuntahan nila kami para magtanong-tanong kung may kaso ng karahasan at kung ano ang ginagawa. Kahit si kapitan, nagtatanong tanong na kung ano na ang gawain. Pinasok na rin ang ibang barangay.
Tinabanan Para mapahusay ang organisasyon, may monthly meeting kung saan doon nag-uusap-usap, nagkukwentuhan, nagbibigay ng rekomendasyon kung paano mapapahusay ang samahan.	Namigay ng filers sa barangay. Para may impormasyon din ang mga kababaihan na hindi nakakaattend ng mga training na dinadaluhan natin.	VAW desk ipinapaalam, Nakakapagtanong sa MLGOO	Pagdeesilmenate sa cluster, at sa purok dahil hindi pa organized ang mga kababaihan. Ngayong nabuo na ang kolektibo na 4 na barangay.
Metro Osmeña BOSWA ay may regular na monthly meeting – walang palya. Dito inuusap ang mga isyu ng samahan, paglalilivelihood, pag-audit, etc.	Personal na kinukumusta ang suspected na biktima. Personal na inalapitan din ang biktima.	Alam na ng barangay ang tungkol sa BOSWA na nagsusulong sa karapatan ng mga kababaihan. Nalalaman ng mga kaibigan din ang tungkol sa kaso ng samahan, na nagreferer ng mga kaso sa kanila. Purok lder din ay sila ang natutukoy na samahan. Member din ng BOSWA ang purok lder. Ang mga miyemong nakaranas ng tulong ang miyemong nageasabi na maaaring lapitan ang mga samahan ng kababaihan.	Noon... BOSWA lang ang nag-aadvocate ng karapatan ng mga kababaihan. Ngayon, meron na sa OWSA, sa UKTO, sa LWO. Nalihingan sila ng tulong, nakakaakee sa kanila kung kailangan.

Boses ng Kababaihan: Pakikipag-ugnayan sa LGU

“Malaking tulong ang ginawang dialogue dahil nakilala na kami ngayon ng mga taga-LGU at madali na kaming nakakakuha ng datos. Nang mag-ikot kami sa iba’t ibang ahensya, marami na kaming alam tungkol sa mga isyung pangkababaihan. Sa panig naman ng mga kinatawan ng mga lokal na ahensya, napansin naming na mas handa na sila ngayon kaysa noong dialogue. Siguro namulat sila doon na may mga kababaihang may alam at gustong makialam.”

Lorna Dela Peña, 64 taong gulang, Core Committee Member ng Unhan Kababayan-an han Tinabanan Organization (UKTO)

BOKA: Boses ng Kababaihan sa Pagsulong ng Karapatan at Paglaban sa Karahasan
19-22 Marso 2019

“Kinuha namin ang style [ng WLB] sa pakikipagdayalogo. Sinanay [nila] kami sa pakikipag-usap. Inapply namin sa barangay ang natutunan namin, paano confident na makipagdayalogo sa barangay – mga dapat at hindi, pati na ang mga paraan para kami ay mapakinggan. Yung daldal na daldal na kami na baka nayayabangan na sila sa atin – tumatak sa amin. Na [baka] kaya hindi sila nakikipag-ugnayan sa amin dahil masyado kaming mayabang daw. Bukod pa dito, hindi kami nagpaplano noon. Ngayon, nagmemeeeting kami [bago makipag-usap] para pag-usapan kung ano ang ipapasok naming na na isyu. I-assign ang magpapaliwanag, magnonotes. May isyu na i-aassign tapos siya ang nakatoka na sasagot kung may tanong.”

Oliva Garcia, 37 taong gulang, Core Committee Member ng Legaspi Women’s Organization (LWO)

BOSES NG KABABAIHAN (BOKA):
Isang Pagsasama-Sama ng mga Lider Kababaihan ng Samar at Zambales
12-14 Pebrero 2020



© Lorna Dela Peña

Boses ng Kababaihan: Pagiging Epektibo ng Proyekto para Magkaboses ang Kababaihan

Noong nagsimula ang mga gawain [sa proyektong ito], naging daan ito para mapasok namin ang buong barangay – nakikialam na kami kung kinakailangan. Nakapagbibigay na kami ng payo at rekomendasyon. Naging malaki ang impact ng samahan kahit sa barangay kasi, kahit parang hindi nila kami gustong pakinggan, nilalapitan pa rin kami para tanungin tungkol sa serbisyong pangkababaihan. Masarap sa pakiramdam na may halaga ako, na may pakinabang ako at may role na ginagampanan.

Pagdating naman sa core committee, ginamit ng bawat miyembro ang kanya-kanyang kalakasan, kaalaman, at impluwensya para makakakilala at makahanap sa munisipyo ng mga kampeon para sa pagpapadaloy [ng layunin] nitong proyekto. Dahil dito, nakita namin kung sino-sino at ano-anong ahensya ang pwedeng lapitan [para tugunan ang isyu ng mga kababaihan. Dahil din sa may core committee, mas natututukan ang mga ibang miyembrong kalahok sa mga gawain dito para mapalago ang kanilang kakayahan nang sa gayon ay sila ang maging katuwang namin sa pagpalaganap pa ng mga gawaing [pangkababaihan].”

Oliva Garcia, 37 taong gulang, Core Committee Member ng LWO
Boses ng Kababaihan (BOKA): Paglalahad ng Planong Pangkababaihan
21-25 Oktubre 2019



Cabangan, Zambales: Pagpapatatag ng Samahan para Pakinggan at Kilalanin ang Kababaihang Ayta Abellen

Naitayo ang KASAMA mula sa inisyatiba ng MAO-CADT⁹ para pangasiwaan ang programang *'pig dispersal'*. Nakapaloob ang KASAMA¹⁰ sa MAO-CADT bilang komite sa “programang pangkabuhayan para sa Kababaihang Ayta Abellen at ang pagpapahusay ng mga serbisyong pangkalusugan para sa mga babae, lalo na ang mga nagdadalanta, at mga bata sa kanilang komunidad.”¹¹ Kaya naman ang mga plano, layunin at sistema ng KASAMA noon ay alisunod sa MAO-CADT.

Nagsimula ang KASAMA na may 80 kasaping kababaihan na nabigyan ng baboy na aalagaan. Subalit noong hindi naging matagumpay ang proyekto, unti-unting nanamlay ang kasapian nito at ang samahan. Taong 2013 nang unang makatrabaho ng KASAMA ang WLB sa proyektong *'women's access to justice in plural-legal system'* at nagpatuloy ang ugnayang ito sa proyekto kasama ang VOICE simula 2017. Gaya ng kababaihan sa Marabut, Samar, walang kamalayan ukol sa karapatan ng mga kababaihang Ayta Abellen bago dumating ang WLB sa komunidad. Dahil ang KASAMA ay bahagi ng MAO-CADT, ang dalalang agenda ng kababaihang Ayta Abellen ay ang usapin ng Tribu kaugnay ng lupang ninuno. Walang boses ang kababaihan at nakasandig sila sa iisang lider. Hindi rin malinaw kung sino ang bumubuo ng KASAMA. Ang mga kababaihang Ayta Abellen na nakatira sa labas ng Sityo Maporac ay hindi kinikilala ang KASAMA bilang organisasyon nila dahil may pag-unawa sila na ang KASAMA ay samahan lamang ng kababaihang Ayta Abellen na nakatira sa Sityo Maporac. Wala ring nakabuong pormal na liderato ang KASAMA. Ang pamumuno ng samahan ay nakaatang sa balikat ng iisang lider.

Kung kaya naman, malaki ang hamon sa pagpapatupad ng proyekto. Gayunman, ang nasimulang ugnayan ng WLB at KASAMA sa mga nakaraang proyekto ay nakatulong para sa pagpapatupad ng gawain ng VOICE at ito ay nagluwal sa Core Group ng samahan na may apat (4) na boluntaryong lider (Tess, Janet, Ely, Phines). Nagsilbi rin itong malaking puhunan para matagumpay na maipatupad ang proyekto.

Sa mga naunang aktibidad ng WLB sa KASAMA, litaw ang pagiging kimi at mahiyain ng mga kababaihang Ayta Abellen. Iilan lamang ang nagsasalita sa mga aktibidad. Naging napakahirap din nilang magbahagi ng kanilang mga karanasan, lalo na patungkol sa VAW. Nagmumula ito sa malalim na kultura ng Ayta Abellen kung saan tinatratong pribadong usapin ang usaping pamilya. Dahil sa mga nakaraang proyekto kasama ang mga Ayta Abellen di na naging mahirap na usapin pa ang pagkakaroon ng sariling batas at panuntunan ng Tribu ukol sa usapin karahasan laban sa kababaihan dahil naiayos na sa

⁹ Maporac Aeta Organization for the Certificate of Ancestral Domain Title

¹⁰ Kababaihang Samahan ng Maporac

¹¹ WLB. (2014).

mga nakakatandang tribu na ang ang usaping VAW (kasama na ang rape) ay dapat di pinagkakasundo at dinudulog sa barangay o sa pulis.

Bilang pagrespeto sa Tribu, nag-courtesy call ang WLB kay Ka Badong, ang Chieftain ng Tribu para pormal na ipakilala ang WLB sa Tribu at ang proyekto. Naging maganda naman ang pagtanggap ng Tribu sa WLB at sa proyekto. Nakatulong ito ng malaki para sa madulas na pagpapatupad ng proyekto.

Mulat sa pangangailangan ng isang ligtas na espasyo para magkaboses ang kababaihan, tiniyak ng WLB na sa bawat aktibidad, ang lahat ng kalahok ay mabigyan ng pagkakataong makapag-salita, makapagbahagi ng kanilang karanasan sa araw-araw, masabi ang kanilang mga pananaw, takot at agam-agam, at kasama ang ibang kababaihang Ayta Abellen ay mangarap. Gayunnpaman, hindi naging madali sa marami and magsalita. Tulad ng iba pang kababaihan na lumaki sa maling paniniwalang mababa ang babae kaysa sa lalaki at dapat ay sunud-sunuran lamang ang mga kababaihan, dumaan ang kababaihang Ayta Abellen sa unti-unting pagpoproseso ng bago nilang kaalaman kaugnay ng karapatan ng kababaihan at pagbabago sa kinalakhan nilang paniniwala.

Hindi naglaon, dahil na rin sa pagkamulat nila sa mga pag-aaral at pagsasanay, naging magaan na sa bawat isa ang magbahagi ng kanilang buhay, karanasan, at mga pagtingin. Higit pa dito, nang maunawaan ng mga kababaihan na karamihan ay mga nanay ang karapatan ng kababaihan bilang tao at ang RA 9262, sila mismo ang nagsama ng kanilang mga anak na babae sa mga pagsasanay upang katulad nila ay mamulat ang mga ito sa kanilang mga karapatan at matutunan nilang labanan ang iba't ibang anyo ng diskriminasyon at karahasan laban sa kababaihan. Sabi nga ni Nanay Laling, *“Nais kong magkaroon din ng kaalaman ang aking anak sa karapatan ng kababaihan at sa RA 9262 para alam niyang ipagtanggol ang sarili niya laban sa karahasan ng kanyang asawa.”* Sabi naman ni Ely, *“Isinama ko na ang anak ko para habang bata pa siya eh mamulat na siya sa karapatan ng kababaihan.”* Ang pagpapalahok ng mismong mga nanay sa kanilang mga anak na babae sa mga gawain ng WLB ay nagbigay hubog sa KASAMA ng kasapiang tagos sa iba't ibang henerasyon (*intergenerational membership*).

“Nais kong magkaroon din ng kaalaman ang aking anak sa Karapatan ng kababaihan at sa RA 9262 para alam niyang ipagtanggol ang sarili niya laban sa karahasan ng kanyang asawa.” (Nanay Laling)



Isinama ko na ang anak ko para habang bata pa siya eh mamulat na siya sa karapatan ng kababaihan. (Ely)

Ang Matagumpay na Pagbabago sa mga Kababaihang Ayta Abellen at KASAMA Matapos ang Proyekto



1. Umunlad ang KASAMA bilang **samahan na pangunahing humaharap sa mga usapin ng kababaihang Ayta Abellen.**

Sabi nga ni Riza, “*Ang malaking ambag ng WLB sa KASAMA ay nagkaroon kami ng lente sa usapin ng mga kababaihan.*” Lumalim ang pag-alam at pag-intindi ng KASAMA sa mga isyu ng kababaihang Ayta Abellen. Natutunan nilang huwag maging mapang-husga sa kapwa babae, sa halip ay unawain ang iba’t ibang sitwasyong kinalalagyan ng kababaihan. Nagdulot ito ng malalim na pakikipag-ugnayan nila sa kababaihang Ayta Abellen. Nalaman din nila ang iba’t ibang maling kaisipan laban sa kababaihan na ipinamulat sa atin simula pa pagkabata (i.e. ng babae ay pambahay lamang, dapat nagpapailalim ang babae sa lalaki dahil mahina ang babae, lalaki ang padre de familia, pag-aari ng asawang lalaki ang asawang babae at mga anak, normal lamang na masaktan ng asawang lalaki ang asawang babae kapag di nito nagagawa ang kanyang tungkulin bilang asawa at nanay, ang away mag-asawa ay usaping mag-asawa lamang) na ngayon ay patuloy nilang binabaka sa kanilang mga sarili at sa komunidad.

Boses ng Kababaihan: Pagpapakilala ng KASAMA sa Tribu bilang Feministang Samahan

“Noon kasi, kinikilala lang kami bilang bahagi ng MAO. [Kami mismo,] hindi nagpakilala bilang KASAMA, parang tumatayo siya at palaging nasa likod niya ang MAO. At ang lokal na pamahalaan, hindi nakikita na may pagkakaiba ang dala-dalang isyu ng KASAMA sa MAO-CADT.”

Janett de Guzman, Lider Kababaihan ng KASAMA

BOSES NG KABABAIHAN (BOKA):

Isang Pagsasama-Sama ng mga Lider Kababaihan ng Samar at Zambales

12-14 Pebrero 2020

“Nagkaroon na kami ng lakas ng loob, oras at commitment sa samahan. Mayroon na kaming lente sa usapin ng mga kababaihan; naturuan kaming magfacilitate at magplano bago humarap [sa mga makakadayalogo] at bago gawin ang mga dapat na gawain; natulungan at natutong makapagbukas ng dayalog sa LGU; nagkaroon ng malalim na kaalaman sa mga batas (9262 at MCW).”

Riza Manila, Lider Kababaihan ng KASAMA

BOSES NG KABABAIHAN (BOKA):

Isang Pagsasama-Sama ng mga Lider Kababaihan ng Samar at Zambales

12-14 Pebrero 2020

“Tumaas ang aming kapasidad, kabukasan, at pagkakabuklod bilang isang samahan. Nagawa na naming umikot at magbahay-bahay upang magbahagi ng kaalaman sa mas maraming kababaihan, magpatakbo ng talakayan tungkol sa karahasan at karapatan ng kababaihan, at nakipagugnayan at ipakilala sa LGU ang KASAMA na samahan at sanggunian ng kababaihang Ayta Abellen.”

Teresa dela Cruz, Lider kababaihan ng KASAMA

BOSES NG KABABAIHAN (BOKA):

Pagpapalakas at pakikipag-ugnayan sa mga Lokal na Ahensya ng Pamahalaan at Pag-akses sa mga Serbisyo ng Kababaihang Ayta Abellen sa

Cabangan, Zambales

28-30 Oktubre 2019

2. Lumawak ang KASAMA sa tatlong larangan.

Malaki ang iniunlad ng KASAMA bilang samahan. Una, lumawak ang kasapian nito sa mga kabataang babaeng Ayta Abellen. Dati-rati, hindi naging pokus ng pag-oorganisa ng KASAMA ang mga kabataang kababaihang Ayta Abellen. Ngunit, noong makita nila sa kanilang mga sarili ang tapang na idinudulot ng pag-alam sa batas at mga karapatan, sila na mismo ang nag-inisyatibang isama sa mga pag-aaral at pagsasanay ang kanilang mga anak na babae. Sabi nga ng isang nanay, *“Nag-aaral ako ng RA 9262, pero wala akong magawa sa anak kong bugbog-sarado ng asawa niya. Kaya isinama ko na lang ang anak ko sa pag-aaral natin para matuto at matauhan sya.”* Ikalawa, lumawak ang kaalaman ng samahan sa mga karapatan ng at batas pang kababaihan, partikular ang RA 9262, at kasanayan sa pagpapadaloy, pagpaplano at pakikipagdayalogo sa LGU. Mula sa dating WLB ang nagpapadaloy ng aktibidad, ngayon ay nagtutulungan ang 10 kasapi ng

Core Group sa pagpapadaloy ng kanilang aktibidad. At ikatlo, lumawak and pakikipag-ugnayan nito sa iba't ibang ahensya ng LGU sa antas barangay at munisipyo. Sa katunayan, ang pakikipag-ugnayan at pakikipagdayalogo nila sa LGU ay naging daan para makilala ang KASAMA bilang samahan para sa kapakanan ng kababaihang Ayta Abellen.



Ang kasapian ng KASAMA ay lumawak saklaw ang iba't ibang henerasyon ng kababaihang Ayta Abellen: Lola, nanay, anak na babaeng Ayta Abellen ay nagsasama-sama sa pag-aaral ng mga karapatan ng kababaihan para magkaboses, malabanan ang nararanasang karahasan at diskriminasyon, at sama-samang mangarap para sa lipunang kumikilala sa nantav na karanatan ng kababaihan.

Noong unang magsimula ang KASAMA, binubuo ang mga miyembro nito ng kababaihang edad 35 pataas. Aminado ang mga orihinal na miyembro na hindi nila alintana dati ang demograpiya ng kanilang mga miyembro ngunit sa bawat pagsasanay na may bagong kabataan ang dumadating, kanilang napagtanto na importante ring mapalakas ng KASAMA ang boses ng kabataan kababaihan bilang isang feministang samahan.

Bukod sa nagbibigay boses para sa kabataan, ang mga nakababatang miyembro ng KASAMA ay nakakapagpaabot ng impormasyon sa mga espasyong hindi dati sakop ng

KASAMA kagaya nalang ng eskwelahan at social media, pati na ang iba pang kolektibo ng mga kabataan gaya ng mga barkada na madaling naakses ng mga kabataang kababaihan na miyembro ngayon ng KASAMA.

Boses ng Kababaihan: Kabataang Ayta Abellen

“Ang nabago sa akin ay ang dating mahiyain, ngayon po nagkaroon na ako ng lakas ng loob na humarap sa hamon ng buhay, nagkaroon ng boses na ipagtanggol ang karapatan ng kababaihan, at lumakas ang aking boses para sa kabataan. Bilang second liner naging aktibo akong nakikiisa sa lahat ng gawain di lang sa KASAMA pati na rin po sa gawain sa MAO [ang pangkalahatang grupo ng mga Ayta Abellen ng Maporac].

Naiaambag ko sa samahan ay sa paggamit ng makabagong teknolohiya, pagdodokumento at isa pa ay ang pagbabahagi ng kaalaman at hinaing ng mga kabatan na nahihiyang mag labas ng kanilang saloobin.”

Marjorie Barrientos, Lider Kabataan Kababaihan ng KASAMA
Consultation meeting
07 Agosto 2019

3. May inabot na antas ng **pagpapatatag ang KASAMA at ang kasapian** nito.

Kasabay ng paglawak ng KASAMA ay ang pag-abot sa pagkakaisa ng samahan. Makikita ito sa malaking pagbabago sa komitment ng mga lider-kababaihang Ayta Abellen. Sabi nga ni Marlyn, *“Pagdating po sa usapin ng mga kababaihang Ayta Abellen dati po binabalewala ko lang. Kahit ako, hindi ko ipinapaglaban ang karapatan ng mga kababaihan Ayta Abellen. Pero ngayon na may alam na ako, mas inuuna ko po ngayon at pinaglalaanan ng oras. Bilang isang single mother, naghahanap-buhay sana ako ngayon. Pero pagdating sa usapin ng mga kababaihan, gusto ko na nauuna ako doon.”*

Ang pag-abot sa pagkakaisa ng KASAMA ay nagdulot ng pagpapatatag sa samahan. Sabi nga ni Tess, *“Hindi ganoon kalakas ang samahan noon. Pondo ang tinitingnan. Kung walang pondo, magwawatak-watak... Nagkaroon ng pagkakaisa, pagkakapit-bisig para mabuo ang KASAMA na nandito sa ngayon.”* Makikita ito sa paglaki ng bilang ng bumubuo ngayon sa Core Group nito – mula sa 4 na lider-kababaihan, ngayon ay naging 10 na ito, kung saan ang 2 ay kabataan. Higit pa dito, kasalukuyan na silang kumakawala sa pagsandig sa iisang lider tungo sa pagsandig sa kolektibong pamumuno. Nakakaya na rin ng KASAMA na magpadaloy ng kanilang pag-aaral, gayundin ang magplano. Lumakas din ang kakayahan ng mga kasapi sa usapin ng tiwala sa sarili at sa samahan, at sa kahandaang tumanggap ng mga tungkulin. Nagagawa na nilang ipagmalaki, ipaglaban ang sarili at iba pang kababaihang Ayta Abellen. Ilan lamang sa mga sumusunod ang kanilang ibinahagi: *“akala di kakayanin,” “nabago ang pag-aalinlangan sa pagsali,” “nakita ang kalakasan ng sarili,” “pagtanggap sa sarili (self-worth),” “natutong tumayo para sa sarili, lalo na laban sa asawa,” “natutong maging lider-kababaihan.”* Dagdag dito, nagawa nilang lumapit sa mga ahensya ng LGU at makipagdayalogo dito.

Sa paliwanag ni Tess, “Nawala ang kaba sa pakikipagdayalogo hindi lang sa pagmemeeting pero dahil may tasking din kasi. Noong una kasi, kami lang ni Janet, tapos sabay pa kami nagsasalita kaya minsan nagagalit, naiirita siguro. Kaya pag may meeting, kasabay ang tasking – sino at ano ang uusapin kanino, at nasa likod lang kami. Isa itong malaking tulong din ng WLB.” Dagdag nya pa, “Kaya dahil sa pagtatasking na ito, lumawak din ang kakayahan ng mga lider at kahit nang ibang miyembro, kasi halos lahat naman ng lider at miyembro ay naging bahagi nito.”

Hindi ganoon kalakas ang samahan noon. Pondo ang tinitingnan. Kung walang pondo, magwawatak-watak... Nagkaroon ng pagkakaisa, pagkakapit-bisig para mabuo ang KASAMA na nandito sa ngayon.

(Ate Tess)

4. Nakilala ang KASAMA bilang samahan ng kababaihang Ayta Abellen.

Ang pagsisikap ng KASAMA na makipagdayalogo sa LGU sa antas barangay at munisipyo ang syang naging daan upang makilala ang KASAMA hindi lamang bilang isang samahan ng kababaihang Ayta Abellen, kundi samahang may kaalaman sa mga usapin at batas pang-kababaihan, partikular ang RA 9262 at RA 9210. Sabi ni Janet: “Nagsimula nang magkaroon ng bukas na ugnayan sa LGU – kahit hindi man ganoon kabukas, at least nasisilip na nila na may KASAMA pala. Noon kasi, wala talaga dahil kinikilala lang kami bilang bahagi ng MAO.” Dagdag pa ni Tess: “Tumaas ang pagkilala sa mga kababaihang Ayta Abellen, lalo na sa usaping kalusugan. Noon, akala nila walang alam ang mga Ayta Abellen, kaya sa center pa lang pinuputakte na ng diskriminasyon... Hindi man totally na nawala ang diskriminasyon, pero may kabukasan na kaming nakikita. Tinatanggap na mismo ang mga Ayta Abellen at inaasikaso na.”

Boses ng Kababaihan: Karanasan sa pakikipag-ugnayan sa LGU

Palibhasa, babaeng Ayta kami, [ang akala ng iba] ay hindi namin kayang makilahok sa mga [diyalogo at forum], pero eto ako, kami. Katrabaho ang WLB, handa na sigurong makipag-diyalogo sa kahit anong ahensya ng gobyerno.

Marlyn dela Cruz, Lider Kababaihan ng KASAMA

Consultation meeting, 07 Agosto 2019

Mayroon hindi magandang karanasan gaya nalang ng naranasang pansasantabi at pangmamaliit noong pumunta ang ilang myembro sa munisipyo, ngunit may pagbubukas rin naman ng pinto. Nalaman namin ang proseso ng mga ordinansa mula kay Vice Mayor, at naintindihan na kahit hindi accredited ang KASAMA, pwede pa rin kaming lumapit sa kanila at humingi ng dokumento. Malaking tagumpay pa rin sa KASAMA dahil una, nagawa ng kababaihang Ayta Abellen na makaharap ang mga piling kinatawan ng ahensya ng gobyerno at nailatag ang kanilang mga isyu na matagal nang hindi napakikinggan, at; nakilala ang KASAMA ng mga ahensyang nakaharap nila bilang samahan ng kababaihang Ayta Abellen na maaaring kausapin at makaugnay patungkol sa mga proyekto ng LGU.”

Janett de Guzman, Lider Kababaihan ng KASAMA

BOSES NG KABABAIHAN (BOKA):

Pagpapalakas at pakikipag-ugnayan sa mga Lokal na Ahensya ng Pamahalaan at Pag-akses sa mga Serbisyo ng Kababaihang Ayta Abellen sa Cabangan, Zambales, 28-30 Oktubre 2019

Mga Pakikipagdayalogo ng KASAMA sa mga Opisyaless ng Barangay at Munisipyo ng Cabangan, Zambales



Mga Natamong Tagumpay ng KASAMA sa Pakikipagdayalogo sa LGU ng Cabangan, Zambales



Kampyon ng Kababaihang Ayta Abellen: Tumatatag, Lumalawak, Dumarami



Malaking hamon sa lider kababaihan ng KASAMA ang patong-patong na diskriminasyon na kanilang patuloy na nararanasan – bilang babae at bilang mga katutubo. Sa loob ng kanilang tribo lamang, kahit pa may ilang lider kababaihan ang may hinahawakang pwesto bilang *tribal leader*, daing pa rin nila na madalang pakinggan ang boses ng kababaihan sa espasyong macho o nadodomina pa rin ng kalalakihan. Isa pang kinahaharap ng KASAMA sa loob ng komunidad ng mga Ayta Abellen ay ang balikwas na pagtanggap ng ilan – karamihan ay lalaki – sa pagpapalakas ng Kababaihan particular na ang VAW. Sa labas naman ng komunidad, malakas pa rin ang pag-iral ng *traditional politics* na siyang nagsasantabi sa mga katutubong kagaya ng Ayta Abellen at humaharap sa maayos at regular na ugnayan ng LGU at mga katutubong lider.

Bukod dito, hamon pa rin sa grupo ang pagpapadaloy nila ng samahan bilang mga kababaihang lider – kahit pa pinagbubuklod sila kanilang mga natutunan tungkol sa kababaihan, hindi maiiwasang mag-banggaan at magkaroon ng alitan pagdating sa mga desisyon na makakaapekto hindi lamang sa kanilang mga sarili, kundi pati na sa kanilang samahan, at komunidad.



Workshop ng Core Group ng KASAMA

Ang pagkakaisa ng KASAMA ay dumaraan sa palitan ng mga saloobin ng bawat isa. Hinihimok ang bawat myembro na makapagsalita at maging praktika ng samahan ang "personal ay pulitikal." Kaya't ang lahat ng usapin ay kolektibong pinagpapasyahan -- Isa ito sa kailangan pang palakasin ng KASAMA upang higit pa nitong mapalakas ang sarili.

Boses ng Kababaihan: Hamon sa Lider Kababaihang Ayta Abellen

“Kahit pa may NCIP na nagsasabing dapat ay may pantay na partisipasyon ang kalalakihan at kababaihan sa mga tribo at council, wala pong nangyayaring ganun. Mas kinukonsulta pa rin ang mga lalaking lider kahit sa mga aspetong mas nakakaalam ang Kababaihan. May mga lalaking Ayta Abellen at ilang kababaihan pa rin sa komunidad na tinitingnan ang gawain ng KASAMA na pansasantabi sa karapatan ng mga lalaki.”

Teresa dela Cruz, Lider Kababaihan ng KASAMA

Pagkilala sa Sarili bilang Babae:

Kababaihang may Karapatan, Kababaihang Lumalaban (WLB National Women's Camp)

3-5 Hunyo 2019

“Sa attitude ng ilang mga lider Kababaihan sa pag-niningas kugon – kung minsan at may pagpupulong ang mga lider kababaihan, kapag marami ang wala, hindi tinutuloy. Ugali namin ay mag-antayan, at kung walang nakikitang dumadating sa lugar ng pulong, hindi pa pupunta.

Riza Manila, Lider Kababaihan ng KASAMA

BOSES NG KABABAIHAN (BOKA):

Isang Pagsasama-Sama ng mga Lider Kababaihan ng Samar at Zambales

12-14 Pebrero 2020



Pangarap na mawakasan ang karahasan laban sa kababaihan ang nagbubuklod sa KASAMA sa kabila ng mga hamong kinakaharap nito.

**Ang KASAMA noon... and KASAMA ngayon:
Hakbang ng Kababaihang Ayta Abellen para Palakasin ang Samahan**



Maporac

Bangka ay simbolo ng Samahan ng kababaihan. Ang sagwan ay WLB na naging gabay nila upang malaman nilang i-akses ang serbisyong pangkababaihan at malaman ang kanilang mga karapatan bilang mga kababaihang Ayta Abellen. Sinisimbolo naman ng mga bulaklak ang kababaihan.

Upang mapalakas ang samahan, nagsagawa ng mga pag-aaral, pagsasanay, pagbabahay-bahay at pakikipagkwentuhan sa kababaihan ang KASAMA kaugnay ng mga isyu at pangangailangan ng kababaihang Ayta Abellen.



San Juan

Inilalarawan ng Maporac ang pagkakaisa ng kababaihang Ayta Abellen. Sinisimbolo ng tubig ang kanilang nilalakbay. Ang mga bulaklak ay ang mga kababaihang nagmamasid lang ngayon; ang mga ibon ang simbolo ng kanilang kalayaan at tagumpay na nakamit mula sa kanilang mga pag-aksyon. Ang mga bato ay mga suliraning kinakaharap nila at mga taong nagiisip ng masama sa gawain ng Samahan. Ang balsa ay sila na binibigkis ng taling sumisimbolo ng kanilang pagkakaisa. Ang sagwan ay ang WLB. Ang punong mayabong ay ang KASAMA na patuloy na umuusbong at tumitibay



Tangos

Ang tubig ang simbolo ng kanilang paglalakbay. Ang mga isda ay sumisimbolo sa kababaihan – iba't ibang pinanggalingan. Ang mga bato at basura ay balakid gaya ng mga kamag-anak na humahadlang sa kababaihan, o ang masamang paghuhusga sa kababaihang Ayta Abellen sa pagpunta nila sa munisipyo. Sa kabila nito, nagpatuloy pa rin sila. Ang mga gulong ay simbolo ng pagpapaikot-ikot ng mga kinatawan ng LGU sa dayalogo. Ngunit pursigido pa rin silang lumangoy at lumaban. Luminis ang tubig mula sa mga gawain. Naliwanagan ang kababaihang Ayta Abellen sa kanilang mga karapatan at serbisyong dapat matamasa.

Boses ng Kababaihan: Pangarap para sa Samahan

Tatlong salitang nais makamit ng KASAMA sa susunod na tatlong taon

- **Tulay:** Patuloy na maging isang samahan na may kaalaman. Maging tulay at mapalaganap ang kaalaman sa ibang mga kababaihan. Tuloy-tuloy na ugnayan at liderato ng aktibong pagyabong ng mga kababaihang Ayta Abellen sa Cabangan.
- **Boses:** Sapat na boses na may kaagapay na talino ng sa ganoon ay naroon ang pagtanggap ng ibang mga kababaihan na hindi pa naabot ng mga ganitong usapin, hindi lang para sa pagsasalita kung hindi para sa pangarap ng samahan para sa may kalidad na pagpapalaganap.
- **Rehistrado:** Para kung banggain kami, meron kaming pinanghahawakan; pagpapalakas ng identity bilang samahan.

BOSES NG KABABAIHAN (BOKA):

Isang Pagsasama-Sama ng mga Lider Kababaihan ng Samar at Zambales
12-14 Pebrero 2020

Pangarap ng indibidwal na kasapi para sa KASAMA

Patuloy sanang maging **matatag** sa pakikipag-isa at makapag-anyaya pa ng mas maraming kababaihan mula sa Tangos.
(Ely Franco)

Sana ay **walang hiwalayan ang samahan** ng Ayta Abellen. (Cely Dacpano)

Magtuloy-tuloy. Inaasahan na sa mga kapwa lider na **magkaunawaan tuwing may problema**. (Riza Manila)

Maparami ang mga miyembro at aktibong makilahok ang lahat.
(Marjorie Barrientos)

Sana ay **mag-malasakit sa isa't isa** – ang sakit ng kalingkingan ay dama ng buong grupo. Sana ay lumawak pa at matagumpay pa ang kanilang samahan.
(Marlyn dela Cruz)

Patuloy sanang maging kalasag ang KASAMA. Ang **KASAMA ay isang sandigan** kung may karahasan sa Kababaihan at poprotekta [ang samahan] sa Kababaihan.
(Janett de Guzman)

Sandigan. Pangarap ko ito para KASAMA para kung may kailangan ang sino mang babae, mayroon silang mapupuntahan.
(Teresa dela Cruz)

BOSES NG KABABAIHAN (BOKA):

Pagpapalakas at pakikipag-ugnayan sa mga Lokal na Ahensya ng Pamahalaan at Pag-akses sa mga Serbisyo ng Kababaihang Ayta Abellen sa Cabangan, Zambales
28-30 Oktubre 2019

**Lakbay Kababaihang Samareño at Kababaihang Ayta Abellen:
Mga Aral mula sa Karanasan**



Boses ng Kababaihan: Pagiging Epektibo ng Proyekto para Magkaboses ang Kababaihan

Noong nagsimula ang mga gawain [sa proyektong ito], naging daan ito para mapasok namin ang buong barangay – nakikialam na kami kung kinakailangan. Nakapagbibigay na kami ng payo at rekomendasyon. Naging malaki ang impact ng samahan kahit sa barangay kasi, kahit parang hindi nila kami gustong pakinggan, nilalapitan pa rin kami para tanungin tungkol sa serbisyong pangkababaihan. Masarap sa pakiramdam na may halaga ako, na may pakinabang ako at may role na ginagampanan.

Pagdating naman sa core committee, ginamit ng bawat miyembro ang kanya-kanyang kalakasan, kaalaman, at impluwensya para makakakilala at makahanap sa munisipyo ng mga kampeon para sa pagpapadaloy [ng layunin] nitong proyekto. Dahil dito, nakita namin kung sino-sino at ano-anong ahensya ang pwedeng lapitan [para tugunan ang isyu ng mga kababaihan. Dahil din sa may core committee, mas natututukan ang mga ibang miyembrong kalahok sa mga gawain dito para mapalago ang kanilang kakayahan nang sa gayon ay sila ang maging katuwang namin sa pagpalaganap pa ng mga gawaing [pangkababaihan]. (*Boses ng Kababaihan (BOKA): Paglalahad ng Planong Pangkababaihan 21-25 Oktubre 2019*)

Oliva Garcia, 37 taong gulang, Lider Kababaihan ng Samar

Ibang iba ang porma [ng KASAMA] nang una naming makatrabaho ang WLB. Kahit pa kami ay grupo nang masasabi, wala kaming lente ng kababaihan sa mga isyung kagaya ng ancestral domain at patubig. Malaking tulong ang mga naunang proyekto ng KASAMA at WLB na siyang nagbukas sa aming mga isip mula sa pagkakakulong sa pag-iisip na obligasyon ng mga babaeng maging ina at asawa lamang. (*BOSES NG KABABAIHAN (BOKA): Pagpapalalim ng Pag-Unawa at Pagpapaunlad ng Kakayanan ng mga Kababaihang Ayta Abellen sa Sama-samang Pamumuno; May 28-29, 2018*)

“[Ngunit] sa proyekto VOICE talaga unti-unting nabuo at nakilala ang KASAMA. Lumalim ang pagpapalakas ng boses at pagpaparami ng lider kababaihan, at ang aming mga kaalaman sa karapatan ng kababaihan na siyang tumulong na maibuklod ang KASAMA sa kung ano siya ngayon. Mula sa pag-aanyaya ng kapwa kababaihan sa mga aktibidad at pagbabahay-bahay upang maibahagi ang kaalaman tungkol sa karahasan laban sa kababaihan at RA 9262, naipakilala namin ang KASAMA bilang malalapitan ng kababaihang Ayta Abellen. At sa pamamagitan naman ng aming pakikipag-ugnayan sa mga elders ng tribo at lokal na ahensya ng gobyerno sa Cabangan, kinikilala ang KASAMA na grupo na tumatalakay ng mga usaping kababaihan sa komunidad. (*BOSES NG KABABAIHAN (BOKA): Isang Pagsasama-Sama ng mga Lider Kababaihan ng Samar at Zambales; 12-14 Pebrero 2020*)

Teresa dela Cruz, Lider ng Kababaihang Ayta Abellen sa Cabangan, Zambales